# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 1
## Ikaapat na Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Kaalaman Susi sa Kaligtasan

**A. Panimula**

Iparinig sa mga mag-aaral ang isang balita o tekstong pang-impormasyon. Panoorin ito sa *link* na:

https://www.youtube.com/watch?v=DR01fCosaxE&hd=1

Ipasagot ang mga tanong pagkatapos.

Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang napanood o napakinggan?
2. Paano maiiwasan ang *dengue*?
3. Ilan ang nagkasakit ng *dengue* sa Pilipinas noong 2009?
4. Saan nabubuhay ang lamok na nagdadala ng *dengue*?
5. Ano ang sintomas ng *dengue fever*?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ipabasa sa mga mag-aaral ang akda na kanilang kopya.

**Garantisadong Pambata (GP)**

Upang matugunan ang *Millenium Development Goals*, umapela si Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III o PNoy sa mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor na makiisa para maabot ang nasabing layunin.

Sa pangunguna ng Department of Health (DOH), inilunsad nito ang bagong 'Garantisadong Pambata: Kalusugan ng bata sigurado. BASTA i-GP MO!" Isang programa o kampanya ng DOH na mas pinaigting para sa mga batang edad 0-14. Tampok dito ang araw-araw na pagsasanay sa mga bata sa mga gawaing pangkalusugan, sa tahanan, paaralan, komunidad at maging sa *health centers*. Ito'y tungkulin ng lahat lalo na ang mga magulang at guro. Unang inilunsad ang GP noong 1999.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita sa pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit ang malawak na kasanayan sa wika upang masagot ang mga tanong sa tekstong binasa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang tekstong pang-impormasyon
2. Nakapagtata-nong tungkol sa isang napaking-gang balita
3. Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasalungat
4. Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng *pictograph*

"When we say i-GP mo, we mean healthy behaviors that anyone can do to protect child health. Essentially, this translates to giving children their right to universal access to quality health care, services, and information," paliwanag ni Health Secretary Dr. Enrique Ona sa paglulunsad ng GP na ginanap sa Manila Diamond Hotel, Malate, Manila.

Kasama rito ang pagsusulong ng *breastfeeding* lalo na sa mga sanggol na nasa *evacuation centers* o lugar na walang maayos na sanitasyon, pagkompleto sa bakuna, *regular Vitamin A supplementation* at pagpupurga, wastong paghuhugas ng kamay, pagsisipilyo, wastong paggamit ng palikuran, at pag-iwas sa usok ng sigarilyo sa mga tahanan.

Magugunita na sa mga nakalipas na taon, nakasentro lamang ang lumang GP sa kalusugan at nutrisyon ng bata. Naniniwala si Sec. Ona na nakasalalay sa mga bata ngayon ang kinabukasan ng bayan sa hinaharap. Kaya dapat lamang na maging puhunan nila ang wastong kalusugan mula sa pagkabata.

– http://www.remate.ph/2010/10/kalusugan-ng-bata-sigurado-basta-i-gp-mo/

**2. Pag-unawa sa Binasa**

Ang pag-unawa sa binasa ay hindi lamang matitiyak sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong tungkol dito. Maaari ring malaman kung naunawaan ng mag-aaral ang binasa kung makabubuo sila ng tanong tungkol sa teksto.

Sabihin sa mga mag-aaral na bumuo ng tanong tungkol sa binasang balita. Ipagamit ang sumusunod na mga salita:

a. Ano

b. Saan

c. Kailan

d. Bakit

e. Paano

5. Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Talasalitaan**

Ibigay ang kasalungat ng mga salitang may salungguhit.

1 Makiisa para maabot ang nasabing layunin.

2. Kalusugan ng bata ay sigurado.

3. Unang inilunsad ang GP noong 1999.

4. Magugunita na noon nakasentro lamang ito sa kalusugan at nutrisyon ng bata.

5. Gawing puhunan ang wastong kalusugan ng mga bata.


### 3. Kasanayang Panggramatika

**Piktograp**

Isang paraan ng pagrerepresenta ng isang bagay sa pamamagitan ng mga larawan.

Halimbawa:

"Ani ng Pamilyang Reyes sa 2 hectares na Palayan sa loob ng Limang Taon"




### 4. Pagpapayaman

Pagawain ang mga mag-aaral ng sariling piktograp ang sumusunod na mga impormasyon:

Bilang ng mag-aaral ng Antas 1 na nagkaroon ng *dengue* mula taong 2005 hanggang 2009:

2005 : 5 babae at 7 lalake

2006 : 7 babae at 6 na lalake

2007 : 3 babae at 5 lalake

2008 : 2 babae at 2 lalake

2009 : 5 babae at 3 lalake

C. **Kongklusyon**

1. **Paglalahat**

Ang pagkakaroon ng kaalaman ay maaaring makapagdulot ng kaligtasan sa atin.

2. **Pagpapahalaga**

Pag-usapan sa klase kung bakit at paanong nagiging mahalaga ang nagbabasa ng tekstong pang-impormasyon. Tanungin din sa mga mag-aaral kung ano ang kanilang karanasan na siyang naging sanhi ng kanilang kaligtasan. Ipabahagi ito sa klase.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 2: Ang Aklatan

**A. Panimula**

Ipanood sa mga mag-aaral ang *episode* ng "My First Lesson with Jollibee" sa *link* na https://www.youtube.com/watch?v=QQSdZQfwPvo at pagkatapos ay ipasagot ang sumusunod:

1. Saan nagsimula ang kuwento bago sila pumunta sa ibang mundo?
2. Ano ang nagagawa ng aklatan sa imahinasyon ng mga bata?
3. Saan pa kaya maaaring dalhin ng silid-aklatan ang mga batang nagbabasa ng mga aklat dito?
4. Pagkagaling sa mundo ng mga kulay, saan pa kaya dadalhin ng mahiwagang aklatan ang mga bata? Bakit?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Basahin sa klase ng mga mag-aaral ang akda na kanilang kopya.

Ang **aklatan** o ***library*** (bigkas /láy·bra·rí/) ay isang silid o gusaling may koleksiyon ng mga aklat. Madalas itong puntahan ng mga taong ninanais na huwag bumili o hindi kaya ay walang pambili ng aklat. Karaniwan ay may mga koleksiyon din ng pahayagan at mga *magazine* sa mga aklatan.

Ang koleksiyon ng aklatan ay maaari din namang kapalooban ng mga produkto ng makabagong teknolohiya gaya ng mga *CD*, *DVD*, *audio tapes*, *video tapes*, at iba pang *multimedia*. Sa makabagong panahon, ang mga modernong aklatan ay nakapaghahandog na rin ng serbisyo ng *Internet* sa kanilang mga kliyente.

Ang mga silid-aklatan at sentrong pang-impormasyon *(information centers)* ay hindi lamang bukal ng impormasyon at karunungan

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang teksto

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusunod sa panutong ibinibigay ng guro sa lahat ng gawaing pampagkatuto

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakapagbibigay ng sariling hinuha sa napakinggang kuwento
2. Natutukoy ang tamang ugnayan ng simuno at panag-uri sa pakikipag-usap
3. Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita
4. Nababasa ang mga salitang natutuhan sa aralin at sa ibang asignatura

kundi tagapag-ingat ng ating mayamang kasaysayan, kultura, tradisyon, at ang ating ambisyon at mga pagsisikap na maitatag ang isang maunlad, malaya, at mapayapang bansa.

Mababasa ang mga salita tungkol sa agham tulad ng biyolohiya at pisika. Mababasa din ang mga paksa tungkol sa matematika tulad ng biluhaba at parisukat. Dito rin maaaring mabasa ang mga salitang may kaugnayan sa araling panlipunan tulad ng ekonomiya at politika.

Sa kabila ng laganap na paggamit ng *computers* at iba pang makabagong kagamitan at teknolohiya, hindi pa rin maisasantabi ang kahalagahan ng mga silid-aklatan na libreng napagkukunan ng mga impormasyon para sa pag-aaral at pagsasaliksik.

Sipi mula sa:
http://tl.wikipedia.org/wiki/Aklatan
http://www.camarinesnorte.gov.ph/cnblog/?p=277

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa: Palitan ng tunog ang may salungguhit na letra upang mabago ang kahulugan ng salita.

a. <u>p</u>ag-aaral ______________________
b. kay<u>a</u> ______________________
c. b<u>u</u>kal ______________________
d. malay<u>a</u> ______________________
e. <u>b</u>ansa ______________________

**3. Pag-unawa sa Binasa**

a. Upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto, ipasagot ang mga tanong.
   1) Ano ang aklatan?
   2) Ano-ano ang nakikita sa aklatan?

5. Nagagamit nang wasto at maayos ang silid-aklatan at pangangalaga sa mga kagamitang makikikita sa silid-aklatan
6. Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3) Sino ang madalas na pumupunta sa aklatan?

4) Ano ang benepisyong makukuha sa pagpunta sa aklatan?

5) Madalas ka bang pumupunta sa aklatan? Bakit?

b. Basahin ang sumusunod na mga salita kaugnay ng iba't ibang asignatura. Hatiin ito sa pantig upang madaling basahin.

1) biyolohiya

2) pisika

3) biluhaba

4) parisukat

5) ekonomiya

**4. Kasanayang Panggramatika**

**Ang Bahagi ng Pangungusap**

May dalawang bahagi ang pangungusap. **Simuno** ang tawag sa paksa ng pangungusap o ang pinag-uusapan. **Panaguri** naman ang tawag sa bahagi ng pangungusap na nagsasaad ng tungkol sa simuno tulad ng kung ano ang ginagawa ng simuno o kung ano ang nangyari sa simuno

Mga halimbawa:

Ang aklatan ay isang silid o gusali na may koleksiyon ng maraming aklat.

(Ang aklatan — simuno; ay isang silid o gusali na may koleksiyon ng maraming aklat — panaguri)

Isang silid o gusali na may koleksiyon ng maraming aklat ang aklatan.

(Isang silid o gusali na may koleksiyon ng maraming aklat — simuno; ang aklatan — panaguri)

**5. Pagpapalawig**

Ipagawa: Guhitan nang isang beses ang simuno at dalawang beses naman ang panaguri.

1) Sa aklatan pumupunta ang mga taong mahilig magbasa.
2) Mahalaga ang silid aklatan.
3) Maraming makukuhang impormasyon sa aklatan.
4) Ang kompyuter ay makikita din sa aklatan.
5) Ang atlas, globo, at diksiyonaryo ay nasa aklatan.

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Ipaliwanag ang mga bentahe ng pagpunta sa aklatan upang magbasa. Maraming impormasyong makukuha sa aklatan. Ang mga impormasyong ito ay magagamit natin sa maraming bagay dahil mas mabuti ang taong maraming alam. Sa pagbabasa ng mga aklat, maraming bagay tayong maaaring mapuntahan. Gagabayan ng aklat ang ating imahinasyon patungo sa iba't ibang lugar upang makita ang maraming bagay.

**2. Pagpapahalaga**

Pag-usapan sa klase ang tamang pag-uugali at tamang kilos sa loob ng aklatan.

a. Matahimik na pumasok sa aklatan.
b. Ilagay ang bag sa *locker* o sa lagayan ng mga bag.
c. Puntahan ang *shelf* kung saan matatagpuan ang aklat na hinahanap.
d. Humingi ng tulong sa *librarian* kung hindi makita ang hinahanap na aklat o iba pang babasahin.
e. Huwag kumain sa loob ng aklatan.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

f. Makipag-usap nang tahimik.

g. Ipakita ang *borrower's* ID kung nais humiram ng aklat.

h. Huwag ilabas sa aklatan ang libro, magasin, o pahayagan nang walang paalam.

i. Umupo nang maayos sa pagbasa at pagsulat.

j. Ingatan ang mga babasahin at iba pang gamit sa loob ng aklatan.

k. Gamitin ang basurahan kapag may ibig itapon.

l. Ibalik ang upuang ginamit nang matahimik.

## Aralin 3: Tekstong Pang-impormasyon

**A. Panimula**

Ipapanood o ipakinig sa mga mag-aaral ang *infomercial* tungkol sa "Pantawid Pamilya" sa *link* na https://www.youtube.com/watch?v=p8Nt4MZT1nU at pagkatapos ay ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong.

1. Ano ang paksa ng inyong pinanood o pinakinggan?
2. Ano-ano ang suliraning pampabata ang binanggit?
3. Ano ang mungkahing solusyon na binanggit sa *infomercial*?

**B. Katawan**

Basahin ang balita habang nakikinig at sinusundan ng mga mag-aaral gamit ang kanilang sariling kopya.

**Pagdami ng *Child Labor*, Sintomas ng Lumalalang Kahirapan**

**IGINIIT** ng isang opisyal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) na ang pagdami ng mga *child labor* ay isang malinaw na sintomas ng lumalalang kahirapan sa bansa.

Reaksiyon ito ni Father Conegundo Garganta, Executive Secretary ng CBCP-Episcopal Commission on Youth, kasunod ng ulat ng National Statistic Office (NSO) na umaabot sa 5.5-milyon ang mga menor-de-edad na nasasadlak sa *child labor* sa bansa.

Sinabi ni Garganta  sa halip na malayang nakapaglalaro at nakapag-aaral ang mga bata ay mas pinili nilang magtrabaho para tulungan ang mga magulang sa paghahanapbuhay.

Ayon kay Garganta, sa murang edad ay nasaksihan at naranasan mismo ng mga bata ang kahirapang pinagdaanan ng kanilang mga magulang at pamilya.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit ng wasto ang mga kasanayan sa paggamit ng wika sa pagbasa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naibibigay ang paksa ng napakinggang tekstong pang-impormasyon at paliwanag
2. Nakabubuo nang wasto at payak na pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panag-uri
3. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga salita/ paghahanap ng mga salita sa isang salita


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Kaugnay nito, hinimok ni Garganta ang pamahalaan na gumawa ng mga kongkretong solusyon sa naturang problema kung ayaw nitong lumala ang kalagayan ng *child labor* sa bansa.

Hinimok din naman ng pari ang mga tagapayo ni PNoy na gumawa ng mga panukala na tutugon sa problema ng mga mahihirap at pakikinabangan ng maraming Pinoy at hindi lamang ng iilan.

Samantala, sa panig naman ni Borongan Bishop Crispin Varquez, sinabi nito na bukod sa kahirapan, ang pagdami ng *child labor* sa bansa ay patunay lamang nang pagiging iresponsable rin ng mga magulang.

Ayon kay Varquez, maraming bata ang napipilitang magtrabaho dahil may mga magulang na ayaw magtrabaho at lulong sa bisyo at sugal.

Maraming magulang rin, aniya, ang kulang sa *income* kaya napipilitan sila na isama sa kanilang trabaho ang kanilang mga anak gaya ng pagsasaka, pangingisda, at iba pa.

Sipi mula sa http://www.remate.ph/2013/06/pagdami-ng-child-labor-sintomas-ng-lumalalang-kahirapan/

**Talasalitaan:** Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga salitang maaaring mabuo mula sa isang mahabang salita na ginamit sa binasang teksto.

1. lumalala

   ____________ ____________ ____________

2. paghahanapbuhay

   ____________ ____________ ____________

3. kalagayan

   ____________ ____________ ____________

4. napipilitan

   ____________ ____________ ____________

5. pakikinabangan

   ____________ ____________ ____________

4. Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, gamit ng malaki at maliit na letra upang maipahayag ang ideya, damdamin, o reaksyon sa isang paksa o isyu ng pangungusap
5. Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon

1. **Kasanayang Panggramatika**

Balikan ang aralin tungkol sa simuno at panag-uri. Magpasulat ng payak na pangungusap at pasalungguhitan nang isang beses ang simuno at nang dalawang beses ang panag-uri. Ibigay ang mga paksa sa mga mag-aaral upang maging gabay sa pagbuo ng payak na pangungusap.

a. *child labor*

b. kahirapan

c. bata

d. magulang

e. paglalaro at pag-aaral

2. **Pagpapalawig**

Ipasulat sa mga mag-aaral ang payak na pangungusap na nagpapahayag ng kanilang ideya, damdamin, o reaksiyon sa binabanggit sa isyu.

a. Ano ang nararamdaman mo tungkol sa mga batang kailangang magtrabaho para may makain?

______________________________

______________________________

______________________________

b. Ano ang masasabi mo sa mga magulang na hindi nagtatrabaho para sa mga anak?

______________________________

______________________________

______________________________

c. Bakit dapat mag-aral ang mga bata?

______________________________

______________________________

______________________________



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

C. **Kongklusyon**

1. **Paglalahat**

Sabihin na ang kahirapan ang isa sa pangunahing problema ng bansa. Itanong sa mga mag-aaral kung ano-anong uri ng kahirapan ang nakikita o naoobserbahan nila sa paligid.

Sabihin naman na may mga solusyon sa kahirapan tulad ng patuloy na pag-aaral at pagsisipag ng mga bata sa iba pang gawain na makatutulong sa pamilya. Tanungin din ang mga mag-aaral ng alam nilang paraan kung paano masusugpo ang kahirapan.

2. **Pagpapahalaga**

Muling ipasulat sa mga mag-aaral ang pahayag o salaysay tungkol sa kahirapan upang maitama ang baybay at bantas.

may karapatan ang mga bata na mag-Aral? ang Pag-aaral ang makatutulong upang masugpo ang kahirapan

________________________________________

________________________________________

________________________________________